SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ABRIL 28, 2025, LUNES, IKA-09:57 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.


OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
RELEASED
NAME
DATE MAY 2025
TIME
STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE
RECORDED
By:
Date: 07 MAY 2025
Santa Cruz, Laguna


DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |

**KAPASIYAHAN BLG. 100-T2025**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 05-T2025/ KAUTUSANG BARANGAY 01-T2025 NG BARANGAY JASAAN, SANTA CRUZ, LAGUNA NA NAGTATAKDA NG KARAGDAGANG SINGIL AT MGA BAGONG SINGILIN SA MGA KUKUHA NG BARANGAY CLEARANCE/ CERTIFICATION SA MGA BAHAY KALAKAL/ESTABLISIMYENTO AT MGA KAURI NITO.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng Kagalang-galang Sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 05-T2025/ Kautusang Barangay 01-T2025 ng Barangay Jasaan na naglalayong ipatupad ang bagong halaga ng bayarin para sa Barangay Clearance/ Certification para sa lahat ng pumapasok na mangangalakal sa barangay;

**SAPAGKAT**, hindi na angkop sa kasalukuyang panahon ang halaga ng singil/butaw na nasasaad sa Kapasiyahan Blg. 05-T2025/Kautusang Blg. 01-T2018 ng Barangay Jasaan;

**SAPAGKAT**, ang pagtatakda ng tamang bayarin ay dapat ipatupad upang higit pang maipagkaloob ang mas mahusay na serbisyo ng Sangguniang Barangay para sa ikauunlad ng barangay;

**SAPAGKAT**, nasasaad sa Kodigo ng Pamahalaang Lokal 1991 (RA 7160) Artikulo 5, Seksyon 153 at Tsapter 4 Seksyon 391, Parapo sa Blg. 2 na ang lokal na pamahalaan ay maaaring magpasa ng ordinansa ukol sa pagpapataw ng makatwirang singil/butaw para sa mga paglingkod na ipinagkakaloob;

**SAPAGKAT**, ang nasabing kapasiyahan/kautusan ay tinalakay ng Kagalang-galang Sangguniang Bayan;

**KUNG KAYA'T DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kgg. Alan T. Pamatmat (Tagapamuno ng Lupon sa Batas), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Mark Anthony M. Juangco, Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. at Kgg. Rizaldy N. Kalaw at pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 05-T2025/ Kautusang Barangay 01-T2025 ng Barangay Jasaan, Santa Cruz, Laguna na nagtatakda ng karagdagang singil at mga bagong singilin sa sga kukuha ng Barangay Clearance/Certification sa mga bahay kalakal/establisimyento at mga kauri nito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Administrador, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Inhinyero, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Kgg. Sangguniang Barangay ng Jasaan at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Abril 28, 2025**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**AMYCAR O. SANTOS**
Records Officer III /
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan / Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan